

# NSW FIRE BRIGADES

## KALIGTASAN SA SUNOG SA KUSINA - LISTAHAN

Fact Sheet 33-Community Risk Management. Revised 1/11/2005



### KATOTOHANAN

45% ng sunog sa bahay ay nagsisimula sa kusina. Noong Mayo 2004, ang Brigadang Pangsunog ng NSW ay humarap sa 1,955 sunog sa kusina, 988 nito ay sanhi ng pagluluto na iniwang walang nag-aasikaso.

Estadistika ng NSWFB, wasto mula 30/6/2005

### ANG INYO BANG KUSINA AY LIGTAS SA SUNOG?

Para sa pinakamataas na antas ng kaligtasan sa sunog sa kusina, aming inirerekomenda ang mga sumusunod:

- Ang pagluluto na iniwang walang nag-aasikaso ay sanhi ng maraming sunog; patayin ang kalan o oben kung liwanan ang kusina habang nagluluto
- Magsuot ng damit na may maluwag na manggas kapag nagluluto
- Ilayo ang mga bata sa kalan o oben habang nagluluto; pag-isipan na magkabit ng aparatong bantay sa kalan (stove guard)
- Itabi nang malayo sa kalan o lutuan ang mga tuwalyang pamunas, guwantes na pang-oben at ibang mga bagay na maaaring magningas
- Mag-ingat sa paggamit ng mantika o langis pangluto; initin ito nang marahan at gamitin ang tamang laki ng kawali o kasirola at panatilihing mahina ang apoy na sapat upang maiwasan ang pagtilamsik ng mantika
- Ibaling ang hawakan ng mga palayok at kaldero na papaloob upang hindi ito mahila at matumba
- Linisin lagi ang parilya o ihawan ng inyong kalan pagkatapos gamitin at palaging linisin ang panala (piltro) sa takip ng inyong lutuan at lahat ng kasangkapang gamit sa pagluluto
- Hindi kayang sugpuin ng tubig ang sunog na sanhi ng mantika – huwag kailanman magsaboy ng tubig sa nasusunog na mantika. Ang tubig na sinaboy sa ganitong uri ng sunog ay maaaring maging sanhi ng mabilis na pagkalat ng apoy at sanhi rin ito ng mga nakakakilabot na pinsala ng sunog
- Maglagay ng pamatay-apoy at kumot na pranelang panglaban sa sunog sa kusina at pag-aralan ang paggamit nito. Ilagay ang mga ito na malayo ng isang metro sa lutuan at sa pagitan ng lutuan at ng pinakamalapit na labasan kapag may sunog
- Pag-isipang maglagay ng sapin na hindi madulas sa paligid ng lutuan at lababo
- Kung ang mantika o langis na pangluto ay umapoy, patayin ang kalan o oben at ilagay ang takip sa kawali o gumamit ng kumot na pranela sa pagsugpo sa apoy. Huwag dalhin ang mga kawali o kasirola na may mainit o nasusunog na mantika sa kalooban ng bahay dahil ang apoy ay maaaring kumalat at maging sanhi ng mga malubhang kapinsalaan. Bayaang lumamig ang mantika bago alisin ang takip dahil maaaring magsinding muli ito.
- Kung magkaroon ng sunog sa kusina at dahil sa katandaan o anumang dahilan ay wala kayong tiwala na kaya ninyong masugpo ang apoy, patayin ang kasangkapan, umalis ng kusina at tumawag sa Brigadang Pangsunog sa tatlong sero (000) o mula sa isang ligtas na telefono.
- Tiyaking hindi nakasindi ang lahat ng mga kagamitang pangluto pagkatapos gamitin.

Isang pagtutulungan ng mga Brigadang Pangsunog sa NSW at ng Panlalawigang Serbisyon Pangsunog sa NSW,  
Brigadang Pangsunog (ACT) at Panlalawigang Serbisyon Pangsunog (ACT)

PARA SA KARAGDAGANG IMPORMASYON, TAWAGAN ANG INYONG LOKAL NA ISTASYONG PANGSUNOG O  
SENTRO NG PAGKONTROL SA SUNOG

o bumisita sa: [www.fire.nsw.gov.au](http://www.fire.nsw.gov.au) [www.rfs.nsw.gov.au](http://www.rfs.nsw.gov.au) o [www.esa.act.gov.au](http://www.esa.act.gov.au)

### IBA PANG MGA PAYO

- Tiyakin na lahat ng mga kasangkapang de-koryente ay tumatakbo at nasa mabuting kalagayan
- Maaaring gumamit ng mga espesyal na alarma sa usok para sa kusina; pag-isipang maglagay ng mga ito subalit dapat unawain na maaaring magkaroon ng mga maling alarma dahil sa usok na galing sa pagluluto

**SA ISANG KAGIPITAN TUMAWAG SA 000**